# Balitang Manmin

BILANG 174 PEBRERO 26, 2017


# Biyaya ng Punungkahoy na Itinanim sa Tabi ng Tubig

## "Ang Salita ng Panginoon ay Ilawan sa Aking mga Paa at Liwanag sa Landas Ko"



Sa taong ito, 2017, naging aktibo ang bawat miyembro ng Manmin Central Church sa pagbabasa at pagsasaulo ng mga talata mula sa Biblia para punuin ang mga puso nila ng katotohanan.

Babasahin ng mga miyembro ng Male District Leaders' Association ang buong Biblia ng dalawang beses. Planong basahin ang buong Biblia ng mga miyembro ng misyon para sa mga kabataan at iba pang mga misyon para mas lumalim ang pananampalataya nila sa pamamagitan ng Salita. Bukod dito, babasahin din nila ang mga libro ni Dr. Jaerock Lee na nagpapaliwanag ng Biblia sa maliwanag at madaling maintindihang paraan.

Bawat isang buwan naman, magbabasa ng isang aklat mula sa Biblia ang Female District Leaders, Male Sub-district Leaders, Male Cell Leaders, at magbabasa ng isang aklat mula sa Biblia ang layunin ng samahan ng mga asawa ng pastor. Ang Canaan Missions ay magbabasa ng dalawampung aklat. Ibabahagi sa isa't isa ng samahan ng Female Cell Leaders ang mga sermon tulad ng Love Chapter para maging makapangyarihan ang pananalangin nila. Sa susunod na buwan, babasahin ito ng Light and Salt Mission.

Bukod dito, nakasulat ang talatang sasauluhin para sa isang linggo sa bulletin ng iglesya para tulungan silang matandaan ito. Ginagamit ng mga estudyante ang application sa smartphone sa pagsasaulo ng mga talata, pagkatapos nagkakaroon sila ng pagsusulit sa klase nila sa paaralang pang-Linggo. Nagpapakita sila ng magandang halimbawa sa ibang kabataan at katandaan.

Nagsasagawa din ng pagsasaulo ng mga talata mula sa Biblia ang iba pang mga grupo tulad ng Second Elders' Association at ang samahan ng mga Tagapanalangin. Pinaghahandaan nila ang ika-17 Bible Quiz Contest nang buong sigla.

Tapat ang mga miyembro hindi lang sa pagpapalago ng espiritu kundi pati sa kaligtasan ng mga kaluluwa sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Sinimulan ng misyon para sa mga kalalakihan ang proyektong 'Finding Lost Flock Members', ang misyon para sa mga kababaihan naman ay nakatuon sa pagbabahagi ng ebanghelyo at pagbisita sa mga miyembro. Sinimulan ng mga lider na lalaki ng bawat distrito ang kumpetisyon sa pagbabahagi ng ebanghelyo at pagbisita sa mga miyembro. Layunin naman ng samahan ng kalalakihang lider ng mga maliliit na grupo ang paglago ng espiritu, papapabanal at muling pagsigla ng pananampalataya sa pamamagitan ng pulong panalangin ng kanikanyang iglesya.

Sa taong 2017, kasabay ng pagdaloy ng buong espiritu, masayang sumusulong ang mga miyembro para makamit ang tapat na puso na may katiyakan at pagmamahal sa Salita ng Diyos (Sa Mga Hebreo 10:22). Ang pagsulong nila ay magdadala sa kanila sa daan patungo sa mga biyaya at kasaganahan tulad ng 'punungkahoy na itinanim sa tabi ng tubig na namumunga sa tamang panahon' (basahin ang kabuuan sa pahina 3).

# Tumanggap ng Pagpapala mula sa Ebanghelyo ng Kabanalan ang mga Kabataan ng Moldova, Bumisita Sila sa Manmin



Mula Disyembre 23-29, 2016, bumisita sa Manmin Central Church ang kabataan mula sa Moldova, Eastern Europe.

Tinanggap nila ang basbas ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee at dumalo sila sa pagsamba sa araw ng Pasko.

Dinaluhan din nila ang pulong-panalanging Daniel, pagpupulong sa Manmin Prayer Center, pagsamba at pag-awit ng mga papuri ng misyon para sa mga kabataan, at siyempre, pinuntahan nila ang Manmin International Seminary. Bumisita din sila sa GCN at sa Urim Books. Lumaki ang pag-asa nila sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa Moldova at sa iba pang mga bansa sa paligid nito.

Tumanggap ng malaking pagpapala ang lider nila na si kapatid Aleksandr Tabaranu (kaliwa), nang marinig niya ang sermon ni Dr. Jaerock Lee sa TBN Russia, ibinahagi niya ito sa mga taong kakilala niya. Dahil sa mga sermon ni Dr. Lee, parami nang parami ang mga nakakaranas ng pagbabago sa buhay. Noong Abril 2014, sinimulan nilang magtipuntipon para sabayan ang pagsamba ng Manmin Central Church sa GCN. Sa ngayon, mahigit sa 70 na ang miyembro nito, tumatanggap sila ng paggaling mula sa mga karamdaman at mga kasagutan sa pamamagitan ng ebanghelyo ng kabanalan.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Ang Hiwagang Ito ay Dakila

"Dahil dito iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, magsasama sila ng kanyang asawa, at ang dalawa ay magiging isang laman. Ang hiwagang ito ay dakila, subalit ako ay nagsasalita tungkol kay Cristo at sa iglesya" (Efeso 5:31-32).

Ang mga talatang binasa natin ay tumutukoy sa relasyon ng mga Cristiano at ng lalaking pakakasalan nila, ang Panginoon. Isang napakadakila at kamangha-manghang himala na iiwan natin ang mundo para makipag-isa kay Jesu-Cristo tulad ng pag-iwan ng isang lalaki at babae sa mga magulang nila para maging isang laman. Paano tayo magiging isa sa Panginoon?

### 1. Tatanggapin ang Banal na Espiritu Kapag Tinanggap si Jesu-Cristo

Ang mga taong tatanggap kay Jesu-Cristo ay magiging mga anak ng Diyos. Kapag nakiisa sila kay Jesu-Cristo sa pananampalataya, tatanggapin nila ang Banal na Espiritu. May paalaala ang Juan 3:6 sa atin, "Ang ipinanganak ng laman ay laman, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu." Nabubuhay muli ang patay na espiritu kapag pumasok sa puso natin ang Banal na Espiritu. Ipinapanganak Niya ang espiritu sa atin, at matutularan natin ang Panginoon. Magiging mga anak tayo ng Diyos na Siya mismo ay espiritu at tatawagin natin Siyang, "Ama" (Mga Taga-Roma 8:15; Galacia 4:6).

Una sa lahat, ang puso ng tao ay pwedeng hatiin sa dalawang klase – ang tapat na puso at ang hindi tapat na puso; tatawagin nating 'pusong puti' ang naunang binanggit at 'pusong itim' ang huli. Nang hingahan ng Diyos ng hininga ng buhay ang mga butas ng ilong ng unang nilalang, nagkaroon siya ng buhay. Tinuruan at itinanim ng Diyos ang katotohanan sa puso nito. Paglipas ng mga araw, nagkasala si Adan, hindi niya sinunod ang utos ng Diyos na huwag kakain mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama. Naputol ang ugnayan niya sa Diyos, at napuno siya ng kasalanan at kasamaan.

May nabuong isa pang klase ng puso, ito ay tinawag na konsiyensya. Ang konsiyensya ay nabubuo kapag ang mga katangiang namana mula sa mga magulang ay nahaluan ng napakaraming impormasyong nakukuha mula sa mga bagay na nakikita at naririnig. Gumagawa at nagkakaroon ang tao ng sariling pamantayan tungkol sa mga prinsipyo at pag-intindi na nahahaluan ng katotohanan at kasinungalingan, it ang konsiyensya. Ang pusong puti na inilagay ng Diyos sa tao ay halos maubos na at ang konsiyensya ng tao ay nagiging napakasama.

### 2. Binubuhay ng Banal na Espiritu ang Binhi ng Buhay at ang Patay na Espiritu

Nang hingahan ng Diyos ang mga butas ng ilong ng unang nilalang na si Adan ng hininga ng buhay, naging buhay na nilalang ito. Pero nang maging makasalanan siya dahil sa pagsuway, halos naubos ang hininga ng buhay, kakaunti na lang ang natira. Ang natitirang ito ay tinatawag na binhi ng buhay. Nagagamit ang binhi ng buhay sa pakikipag-usap ng tao sa Diyos, dito inilalagay ng Diyos ang katotohanan. Pero dahil nagkasala si Adan, naputol ang komunikasyon niya sa Diyos. Pumasok sa puso niya ang mga kasinungalingan, unti-unti nitong binalutan ang binhi ng buhay. Huminto sa pagiging aktibo ang binhi ng buhay, at halos wala na itong ginagawa, parang patay.

Tinatawag na "kamatayan ng espiritu ng tao" ang pagkaputol ng ugnayan ng Diyos na Espiritu at ng parang patay na binhi ng buhay dahil nabalutan ito ng kasinungalingan. Hindi ito nangangahulugang totoong patay na ang espiritu. Hindi lang ito aktibo, naghihintay lang itong muling mabuhay. Parang halaman, parang patay na pero biglang uusbong dahil may kaunting buhay pa ito.

Kailan nabubuhay ang patay na espiritu ng tao? Kapag nakarinig ng ebanghelyo ang isang tao, magliliwanag sa puso niya ang liwanag ng Diyos at liwanag ng katotohanan. Sa sandaling ito, tatanggapin ng natitirang katotohanan at kabutihan sa puso niya si Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas. Ilalagay ng Diyos sa puso niya ang Banal na Espiritu, at pauusbungin ng Banal na Espiritu ang binhi ng buhay sa puso ng tao. Magiging aktibo ulit ito.

Nagkaroon siya muli ng ugnayan sa Diyos, nakakatanggap na siyang muli ng kaalaman tungkol sa katotohanan. Ang puso niya na napuno ng mga kasamaan tulad ng galit at kayabangan ay muling napupuno ng pagmamahal.

### 3. Ipinapanganak ng Banal na Espiritu ang Espiritu sa Atin

Ang pinakamahalagang bagay sa pagkakaroon natin ng Banal na Espiritu ay panalangin. Kung masigasig tayo sa pananalangin, tatanggapin natin mula sa Diyos ang pagpapala at kalakasan para iwaksi ang mga kasamaan. Pero kahit gaano tayo kasigasig manalangin, walang mangyayari kung hindi natin wawasakin ang sariling pag-iisip at paniniwala.

Pamamahalaan ng Banal na Espiritu ang pusong puti at tutulungan tayong mabuhay ayon sa hinahangad ng Banal na Espiritu. Pamamahalaan ni Satanas ang pusong itim, gagamitin niya ang pag-iisip natin. Kung masama ang puso natin, iimpluwensyahan tayo ni Satanas sa pamamagitan ng pag-iisip natin. Dahil dito, mabubuhay tayo ayon sa pagnanasa ng laman, mapupunta tayo sa daan patungo sa pagkawasak.

Hindi mabubuhay ayon sa hinahangad ng Banal na Espiritu ang isang tao kahit gaano karaming kabutihan ang marinig niya at kahit gaano kaalab ang pananalangin niya kung hindi niya iwawaksi ang makalaman na pag-iisip at pangangatuwiran (2 Mga Taga-Corinto 10:5). Parang walang laman ang puso niya, nalilito ito. Hindi mararanasan ng taong ito ang malinaw at maliwanag na kapangyarihan ng Diyos.

Kahit iwinaksi niya ang pusong itim sa kalooban niya, hindi matatapos ang mga pagsubok niya; dapat niyang hanapin at tanggalin ang kasamaan – ang mga makasalanang katangian na nakatago sa pagkatao niya – mula sa konsiyensya niya. Bubuo ng bagong pagkatao ang konsiyensya (naipaliwanag na kung ano ito kanina), ito ang pusong napakalalim, ni wala pang nalalaman ang mismong taong ito tungkol dito. Ang mga kasamaan sa likas ng tao ay kaaway ng katuwiran ng Diyos, parang tama ito sa paningin ng tao. Dahil dito, hindi madali para sa taong ito na malaman at maiwaksi ang mga kasamaang ito nang walang tulong.

Sa pamamagitan ng mga pagsubok, hinahayaan ng Diyos na matuklasan ng bawat isang tao ang kasamaan sa puso nila. Hinuhubog sila ng Diyos para maging mga banal na sisidlan. Kapag nakilala ninyo ang sarili sa pamamagitan ng Salita Niya sa tulong ng Banal na Espiritu, magagawa ninyong iwaksi ang mga kasamaan mula sa likas ninyo ng mas mabilis.

Kung iniisip ninyo na para sa ibang tao ang Salita ng Diyos at hindi pa rin ninyo nakikilala ang sarili ninyo ayon sa Salita, magiging mabagal ang paglago ng pananampalataya ninyo. Pero kung nakita ninyo ang kasamaan ng likas ninyo at iwaksi ang mga ito agad, magiging espirituwal at banal kayo.

### 4. Sa Pakikipag-isa sa Panginoon

Kapag ipinanganak tayo ng Banal na Espiritu sa espiritu, at iwinaksi ang lahat ng kasinungalingan na lumalaban sa katotohanan, winawasak ang pagmamalinis, at nagsisikap magkaroon ng pusong tapat, tayo ay nakikipag-isa sa Panginoon.

Itinutulad ng 1 Juan 2:12 ang antas ng paglago ng pananampalataya – ang proseso ng pakikipag-isa ng tao sa Panginoon – sa paglaki ng isang tao. Ang antas ng pananampalataya kung saan tinanggap ng isang tao si Jesu-Cristo, tinanggap ang Banal na Espiritu at naligtas ay tinatawag na "pananampalataya ng mga munting anak." Ang antas ng pananampalataya kung saan nagsisikap ang isang tao na lumakad sa katotohanan ay "pananampalataya ng mga anak" at ang antas ng pananampalataya kung saan isinasabuhay niya ang Salita ng Diyos ay tinatawag na "pananampalataya ng kabataang lalaki." Kapag mas lumago pa ang pananampalataya at naging buo ang sukat, tatawagin itong "pananampalataya ng mga ama."

Kapag narating natin ang antas ng pananampalataya ng ama, at lubos na nakipag-isa sa Panginoon, tatanggapin natin kahit na anong hilingin natin mula sa Kanya sa pananalangin. "Hindi tayo hahatulan ng puso natin" kaya "panatag tayo sa harapan ng Diyos" (1 Juan 3:21-22).

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na pagsikapan ninyong ipanganak ng Espiritu ang inyong espiritu at lubos na makipag-isa sa Panginoon para makapagsulong kayo ng pinagpalang buhay sa mundong ito at sa Bagong Jerusalem, ang pinakamaluwalhating tirahan sa Langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Pagpapalakas ng Espiritu sa Pamamagitan ng Salita ng Diyos

Sa simula pa lang ng bagong taong ito na punong-puno ng biyaya, maalab na ang Manmin Central Church sa pag-aaral ng Salita ng Diyos. Ito ay sapagkat nais ng mga miyembro ng iglesya na marating ang Bagong Jerusalem sa pamamagitan ng banal na puso na nakapagpapalugod sa Diyos at katapatan sa Kanya sa lahat ng aspeto. Pwede maging daan para sa kasaganahan ang pagpapakabanal sa pamamagitan ng salita ng Diyos at pananalangin (1 Kay Timoteo 4:5) at mas maraming katotohanan ang malalaman natin at mabubuhay tayo ayon dito (Josue 1:7-9). Kung naiintindihan at susundin natin ang mga paraan kung paano natin palalakasin ang sarili ayon sa Salita ng Diyos, magiging mga espirituwal na mandirigma tayo, mapapalawak natin ang kaharian ng Diyos, at magkakaroon tayo ng masaganang bunga sa espiritu at katawan.



## 1

## Maging Masipag sa Pakikinig, Pagbabasa, Pagsasaulo ng Salita ng Diyos, Itanim Ito sa Puso Ninyo

Mababasa sa Deuteronomio 6:6-9, "Ang mga salitang ito na Aking iniuutos sa iyo sa araw na ito ay ilalagay mo sa iyong puso; at iyong ituturo nang buong sikap sa iyong mga anak, at iyong asabihin sa kanila kapag ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, kapag ikaw ay lumalakd sa daan, at kapag ikaw ay nahihiga, at kapag ikaw ay bumabangon. At iyong itatali ang mga ito bilang tanda sa iyong kamay at bilang panali sa iyong noo. At iyong isusulat ang mga ito sa pintuan ng iyong bahay at sa mga pasukan ng inyong mga bayan."

Ang talatang binanggit ay galing sa Diyos ng Pag-ibig na nagnanais na protektahan at biyayaan ang mga anak Niya. Pwede Niya tayong protektahan kung iniingatan at itinatanim natin ang Salita Niya sa puso natin at sumusunod sa mga utos Niya. Dapat malapit sa mga anak ng Diyos ang Salita Niya sa lahat ng oras, isulat natin ito sa puso natin (Kawikaan 3:3).

Ang pabagubagong isipan ay pangkaraniwang ugali ng mga tao. Kung mas makalaman sila, mas madalas silang makakalimot sa mga sinabi sa kanila at hirap silang maging matatag sa desisyon nila. Kaya, dapat tandaan nila ang nakasulat sa Sa Mga Hebreo 2:1. Baka may magsabi, "Matanda na ako o malilimutin na ako, hindi ko na maisasaulo at maisasapuso ang Salita." Pero nagdadahilan lang sila.

Kung sasauluhin ninyo ang mga talata sa Biblia, baka malimutan ninyo ito sa ilang sandali lang. Pero kung isasapuso ninyo ito, matatandaan ninyo ang mensahe ng mga talata kahit hindi ninyo matandaan kung saang bahagi ng Biblia ito kinuha. Parang ganito: ugali na nating kumain ng tatlong beses sa isang araw, matulog, at huminga, kahit hindi natin ipinapaalala sa sarili ang mga gawaing ito. Ibig sabihin, kung itatanim natin ang Salita sa puso natin at isasabuhay ito, hindi natin ito malilimutan.

Kaya kapag sinabing isulat ang Salita sa puso, ang ibig sabihin nito ay sundin ito sa pamamagitan ng mga gawa, gawin itong pagkain ng kaluluwa, at gamitin ito para maging espirituwal. Hindi ito nangangahulugang itatago ang Salita bilang kaalaman kundi ilagay ang Salita sa puso at pangalagaan. Hindi ninyo makakalimtan ito kahit lumipas pa ang panahon. Bukod dito, ipapaalala ito ng Banal na Espiritu kung kinakailangan.

## 2

## Pagnilaynilayan ang Salita Araw-araw, Manalangin ng Maalab ayon sa Salita

Kapag mahal ninyo ang isang tao, iisipin at hahanapin ninyo sila palagi. Tulad nito, kung mahal ninyo ang Salita ng Diyos, pagninilayan ninyo ito buong araw (Mga Awit 119:97; 148). Pero, hindi ang tatag ng loob o pagsisikap ng isang tao ang magbibigay sa kanya ng gana para pagnilayan o sundin ang Salita.

Dapat nating tanggapin ang pagpapala at kalakasan ng Diyos at ang tulong ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng maalab na pananalangin bago natin maiwaksi ang mga kasalanan natin at maisabuhay ang Salita. Kaya sinasabi sa 1 Kay Timoteo 4:5, "Sapagkat ito ay pinababanal sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at pananalangin."

Iniutos ng Diyos sa mga Israelita na huwag kakain ng karne ng tupa (kordero) na hilaw o pinakuluan lang sa tubig. Dapat ihawin sa apoy ang ulo at mga paa, kasama pati ang mga laman loob (Exodo 12:8-9). Sinisimbulo ng tupa si Jesus na Siyang Salita, nagkatawang tao, at pumunta dito sa mundo. Siya mismo ang katotohanan.

Sinasabi ng talata na hindi dapat literal ang pagpapaliwanag natin sa 66 na aklat ng Biblia. Hindi rin dapat itong ihalo sa mga iba pang kaalaman. Tanggapin natin ang Salita mula sa maalab na pananalangin at sa tulong ng Banal na Espiritu at isabuhay natin ito. Sinasabi ng Sa Mga Hebreo 4:12, "Sapagkat ang Salita ng Diyos ay buhay, mabisa, at higit na matalas kaysa alin mang tabak na may dalawang talim, at tumatagos hanggang sa pinaghihiwalayan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak sa buto, at may kakayahang kumilala ng mga pag-iisip at mga hangarin ng puso."

## 3

## Hubugin ang Puso para Maging Espirituwal sa Pamamagitan ng Pagsasabuhay ng Salita ng Diyos

Sinasabi ng Mga Taga-Roma 2:13, "Sapagkat hindi ang mga tagapakinig ng kautusan ang siyang ganap sa harapan ng Diyos, kundi ang tumutupad sa kautusan ay aariing ganap." Sinabing mahalagang isabuhay ang Salita, hindi lang dapat pakinggan. Magiging perpekto ang pananampalataya natin dahil sa mga gawa at makakamit natin ang perpektong kaligtasan dahil dito.

Sinabi ni Jesus sa Juan 6:53, "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, malibang inyong kainin ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang Kanyang dugo, wala kayong buhay sa inyong sarili." Ang kahulugan ng kainin ang laman ng Anak ng Tao ay gawing tinapay ng buhay ang 66 na aklat ng Biblia ng puso natin, at ang tinutukoy na inumin ang Kanyang dugo ay pagsasabuhay ng Salita nang may pananampalataya. Kapag natanto natin ang katotohanan at isinabuhay ito, lilinisin tayo ng dugo ng Panginoon mula sa lahat ng kasalanan natin, mababawi natin ang nawalang wangis ng Diyos.

Kapag isinasabuhay natin ang Salita ng Diyos, ang puso nating may bahid ng kasalanan ay magiging malinis. Kung pagninilayan natin sa lahat ng pagkakataon ang Salita at magsisikap na sundin kung ano ang totoo, ipaparinig ng Banal na Espiritu sa atin ang tinig Niya sa pamamagitan ng mabubuting bahagi ng puso natin. Itinuturo Niya sa atin ang totoo at ipinapaalaala Niya ang lahat ng bagay na totoo (Juan 14:26).

Halimbawa, kapag iniinsulto at inuusig kayo dahil nananampalataya kayo sa Panginoon, ipapaalala Niya sa inyo ang Mateo 5:11 na nagsasabing, "Mapapalad kayo kapag kayo ay nilalait, inuusig, at pinagsasabihan ng sari-saring kasamaan na pawang kasinungalingan dahil sa Akin." Kung nasa puso ninyo ang Salita, maririnig ninyo ang tinig ng Banal na Espiritu na nagsasabing magalak kayo at magpasalamat. Kapag sumunod kayo at nanampalataya, madali kayong makakapasa sa pagsubok at mabibigyan ninyo ng kaluwalhatian ang Diyos.

Gagabayan ng Banal na Espiritu ang mga taong nasa puso ang Salita ng Diyos. Hindi sila nagkakasala dahil sinusunod nila ang tinig Niya. Matatalo nila si Satanas kung pinapalakas nila ang espiritu nila sa tulong ng Salita. Gagabayan sila ng Banal na Espiritu sa lahat ng oras patungo sa kasaganahan ng kanilang espiritu.



# "Binago ng Ebanghelyo ng Kabanalan at ng Kapangyarihan ang mga Tao sa Moldova"

Kapatid Aleksandr Tabaranu, 32 taong gulang, Moldova

'Magdurusa ang mga nasa Impiyerno, parang asin sa mainit na kawali!' Noong Oktubre 2009, napakinggan ko ang sermon ni Dr. Jaerock Lee tungkol sa 'Impiyerno' sa TBN Russia. Natakot ako, at naantig ang damdamin ko.

Noong panahong iyon, tumutugtog ako sa banda ng iglesya, trumpeta ang instrumento ko at ako din ang lider ng grupo. Nahirapan ako dahil makasalanan ako. Nang marinig ko ang mensaheng ito parang naginhawahan ako, natuwa ako.

Binasa ko, pinakinggan, at ipinahayag ko sa simpleng paraan ang mga sermon ni Dr. Lee tulad ng "The Message of the Cross" at "The Measure of Faith" sa website ng iglesya (www.manmin.org), YouTube, at sa website ng In Victory (invictory.org). Tumanggap ako ng maraming pagpapala, at tumigil din ako sa paglalasing at paninigarilyo. Sinimulan kong ibahagi ang tungkol sa ministeryo ng Manmin sa mga kaibigan at kapitbahay ko, nasorpresa sila sa akin, tumanggap sila ng mga pagpapala.

### Halos Ikamatay ng Nanay Ko ang Sakit Niya sa Puso, Pero Muling Siyang Sumigla

Noong Abril 2014, nagtipuntipon kami, siyam kaming lahat, para sumamba. Tinawag naming 'Manmin' ang grupo namin. Masigasig naming ibinahagi ang ebanghelyo ng kabanalan, mayroon itong malinaw na pagpapaliwanag tungkol sa Biblia at gumagabay ito sa mga tao para malaman ang kalooban ng Diyos. Nagsimulang dumami ang mga dumadalo. Samantala, naranasan ko ang kapangyarihan ng Diyos.

Noong Mayo 2014, nagdusa ang nanay ko sa malalang sakit sa puso, (namamaga at hindi kinaya ng kanang bahagi ng puso niya ang mataas na presyon ng dugo sa baga niya). Namaga at nanigas ang buong katawan niya, nahirapan din siyang huminga. Ayon sa doktor, tatagal na lang ng anim na linggo ang buhay nito. Pinayuhan ako ng doktor na alamin na ang huling habilin ng nanay ko.

Humingi ako ng tulong sa Manmin Central Church, at idinalangin ang nanay ko ni Dr. Lee sa panalangin niya para sa mga maysakit pagkatapos ng sermon. Nakakamangha, sa loob ng dalawang araw, nawala ang pamamaga ng puso niya, nakakahinga na siya nang maayos. Bumuti ang kalagayan niya, malusog na siya ngayon!





Noong Oktubre 2014, umupa ako ng isang lugar para gawing santuwaryo, sinimulang kong punuin ito ng mga bagay na kakailanganin sa pagsamba. May 70 miyembro na kami ngayon, kabilang ang mga bata. Binago na sila ng ebanghelyo ng kabanalan, nabubuhay sila na umaasa sa Bagong Jerusalem.

### Nananabik ang mga Tao sa Manmin at sa Bagong Jerusalem

Nagdadaos kami ng pulong-panalangin sa loob ng isang oras tuwing umaga at dalawang oras tuwing gabi. Dahil magkaiba ang oras, sinasabayan namin ang naka-record na pagsamba ng GCN sa pagsamba namin tuwing Linggo ng umaga. At sumasabay din kami sa GCN Manmin Korea sa pagsamba tuwing Linggo ng gabi at sa magdamag na pagsamba tuwing Biyernes. Ibinabahagi namin sa mga tao ang mga libro at sermon ni Dr. Lee at ipinapangaral ang ebanghelyo ng kabanalan at kapangyarihan ng Diyos sa iba pang mga lunsod.

Noong Disyembre 2016, tinupad ko ang pangarap kong makapunta sa Manmin Central Church, isinama ko ang mga miyembro ng aking iglesya. Kumakaba ang dibdib namin nang makaharap namin ang Punong Pastor Dr. Lee, hindi namin mapigilang mapaiyak, nagpasalamat kami sa kanya. Mainit ang pagtanggap niya sa amin, may pagmamahal tulad ng isang ama, idinalangin din niya kami.

Dumalo kami sa pagsamba sa bisperas ng Pasko at iba pang mga pagpupulong, lumibot din kami sa iglesya. Nawala ang bigat na nararamdaman ko dahil sa mga responsibilidad ko bilang lider ng aming iglesya, masaya ako dahil batid ko na minamahal ako ng pastol.

Nagkaroon ako ng malaking pagtitiwala na walang imposible kung kasama ko ang Diyos na Manlilikha at si Jesu-Cristo, at dahil sa ebanghelyo ng kabanalan na nagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos.

Gusto kong ibahagi ang ebanghelyo ng kabanalan sa Romania at sa Moldova para madala ang maraming kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos dahil niloob Niyang makilala ko ang pastol. Nagpapasalamat ako sa punong pastor na nagtuturo sa akin ng daan patungo sa tunay na buhay.



# "Bumuti ang Paningin Ko, at Gumaling ang Sakit Ko sa Tainga"



Punong Diakonesa Jongsim Baek, 53 taong gulang, Parokya 12, Manmin Central Church

Ang paningin ko dati ay 0.6/0.4, dapat akong gumamit ng salamin sa mata. Hindi ko maisuot ang salamin ko dahil nagsusugat ang likuran ng tainga ko kapag ginagamit ko ito. Malaking problema ito para sa akin. Noong taong 2016, sinabi ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na idadalangin niya ang mga problema sa mata ng mga miyembro bago idaos ang retreat sa tag-init. Pinaghandaan ko ito, umasa ako.

Noong Agosto 8, unang araw ng retreat, tinanggap ko ang panalangin niya. Pagkatapos, nawala ang pagod na nararamdaman ko, wala na rin akong nararamdamang pananakit ng mga mata. Nang magsimula ang buwan ng Oktubre, pinasuri ko ang mga mata ko, ito ay 1.0/1.0 (20/20). Malinaw na sa paningin ko ang lahat ng bagay, nakakabasa ako ng maliliit na letra.

Bago matapos ang buwan ng Oktubre, bigla akong nahilo. Tumagal ito ng dalawang linggo. Nagsuka ako at nawalan ako ng ganang kumain. Nanghina ako, hindi ko magawa ang trabaho ko. Hindi nawala ang pagkahilo ko.

Noong Nobyembre 10, pumunta ako sa ospital para magpasuri, gusto kong malaman ang dahilan ng mga problema ko sa kalusugan. Nagpa-ultrasound ako sa klinika ng isang neurosurgeon. Sinabi niya na otolithiasis (may kinalaman sa tainga) ang sakit ko. Kinabukasan, ikinuwento ko sa mga miyembro ng samahan ng mga tagapanalangin ang tungkol sa sakit ko, miyembro ako ng grupong ito. Sabay-sabay nilang idinalangin ng maalab ang paggaling ko. Nadama ko na lumalakas ako.

Dahil gusto kong ganap na gumaling, tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor sa Magdamag na Pagsamba tuwing Biyernes. Pagkatapos ng panalangin, nawala ang pagkahilo ko, hindi na ako nasuka, maayos na ang pakiramdam ko. Magaling na ako.

Noong Nobyembre 14, bumalik ako sa ospital, normal na ang kalagayan ko, wala na akong problema. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na nagpagaling sa akin. Salamat sa iyo, Punong Pastor, sa pananalangin para sa akin.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714